## Ito ang mga konsultasyon kaugnay sa bata at pamilya

Ang mga espesyalistang tagapayo ay nagbibigay ng konsultasyon at tulong sa iba't-ibang isyu na may kaugnay sa mga bata at pamilya tulad ng mga gawi sa pamumuhay ng bata, problema sa disiplina, relasyon sa pamilya, pamumuhay sa paaralan at iba pa. Mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan.

### ～Mga Consultation Counter

**● Konsultasyon para sa pamilya at bata**
(Katei Jidō Sōdan-shitsu)
(Sa loob ng Kani City Family Life Plaza MANO Kosodate Shien-ka)
**TEL:0574-62-1111** (Main no.)
Lunes～Biyernes
8:30am～5:00pm
(Maliban sa holidays at new year holiday season)

- Pangkalahatan tungkol sa suporta sa bata
  (Kapaligiran sa tahanan, relasyon sa pamilya, pang-aabuso atbp.)
- Pag-aabuso ng asawa atbp. (DV)

**● Gifu Prefecture Chuno Child Consultation Center**
(Gifu-ken Chūnō Kodomo Sōdan Center)
(Sa loob ng Kamo Sōgō Chōsha)
**TEL:0574-25-3111** (Main no.)
Lunes～Biyernes
8:30am～5:15pm
(Maliban sa holidays at new year holiday season)

- Pangkalahatan tungkol sa suporta sa bata
  (Pag-aalaga, pag-unlad ng bata, hindi pagpasok ng bata sa paaralan, bullying, pang-aabuso atbp.)

**● Konsultasyon sa Nararamdaman gamit ang Telepono**
(Kokoro no Denwa Sōdan-shitsu)
(Kani City Educational Research Institute)
**TEL:0574-63-2444**
Lunes～Biyernes
9:00am～4:00pm
(Maliban sa holidays at new year holiday season)

- Pangkalahatan tungkol sa pamumuhay sa paaralan
  (Para sa estudyante at magulang)
  (Konsultasyon sa relasyon sa kaibigan, pag-aaral/kurso, pamilya/pag-aalaga atbp.)

**● Konsultasyon sa Pag-unlad at Edukasyon**
(Hattatsu to Kyōiku no Sōdan-kai)
(Kani City Educational Research Institute)
**TEL:0574-63-4841**
O dikaya't mag-apply galing sa eskwelahan gamit ang hinanda na form
Lunes～Biyernes
8:30～5:15 (Maliban sa holidays at new year holiday season)

- Pangkalahatan tungkol sa therapy school ng bata
  (Pag-unlad ng katawan at pakiramdam, kapansanan, pag-aaral atbp.)

**● Konsultasyon sa Espesyalista sa Pag-pigil sa bullying**
(Ijime Bōshi Senmon Iinkai Sōdan-shitsu)
(Sa loob ng Kani City Family Life Plaza MANO Kosodate Shien-ka)
**Free dial TEL:0120-263-115**
Lunes～Biyernes
8:30～5:00
(Maliban sa holidays at new year holiday season)

- Pangkalahatan tungkol sa pagbu-bully sa bata

Internet Consultation

Ang namamahala sa Edukasyon sa Pamilya (Katei-kyoiku) ay
**Munisipyo ng Kani Child-rearing Support Division (Kosodate Shien-ka)**
〒509-0209 Gigu-ken Kani-shi Shimoedo 1-100
Sa loob ng Kani City Family Life Plaza MANO TEL:0574-62-1111

Petsa ng isyu Marso 2025



Kani

# Ang pagpapalaki ng bata ay pagpapa-unlad at responsibilidad bilang magulang

# 子育ては親育ち

～Naghahangad ng kaligayahan para sa mga magulang at mga anak～



Ano ang ibig sabihin ng "Ang pagpapalaki ng bata ay pagpapa-unlad at responsibilidad bilang magulang"?

**≪Mayroong dalawang kahulugan ang "pagpapalaki ng bata"≫**

**①Pagsusuporta sa pag-unlad, pagsasarili nang makapag-ambag sa lipunan ang bata.**

**②Sa pamamagitan ng pagpapalaki ng mga bata, nahaharap sa sarili at bumubuti bilang tao at magulang.**

Ang mga magulang din ay lalago kasama ang mga anak sa pagpapalaki. Ang pagiging ina at ama ay hindi lamang ito likas ngunit ito ay, isang bagay na mabubuo habang nagpapapalaki ng bata. Uusbong bilang magulang sa pamamagitan ng pakikipag halubilo sa bata, paghaharap sa sarili at pakikisalamuha sa mga tao sa paligid. Kinakailangan na matuto hindi lamang sa mga karanasan at damdamin ng magulang kundi pati na rin sa pag-tingin sa iba't-ibang anggulo ng bagay para makapag-desisyon.

Kani City

① "Matututo rin dapat ang magulang" "Masayang pagpapalaki ng bata" P.1
② Mga pangunahing gawi sa pamumuhay P.2
③ Komunikasyon ng magulang at bata P.3 P.4
④ Pagmamalasakit P.5
⑤ Maging Aktibo sa Komunidad P.6

# 1 "Matututo rin dapat ang magulang" "Masayang pagpapalaki ng bata"

Sa pamilya nagsisimula ang edukasyon

Inilarawan sa ibaba ang mga katangian ng mga yugto sa paglaki ng bata at ga mahalagang punto kung paano dapat makilahok ang mga magulang.
Tiyak, ang bawat indibidwal ay magkakaiba, kung kaya' t mangyaring bantayan ang inyong anak nang maluwag sa puso.

## Mababang baitang ng elementarya (Grade 1, 2, 3)

Kapag sinabihan na "Hindi puwede", ito ay talagang hindi puwede.



**①Mauunawaan at mahuhusgahan ng bata ang tama at mali sa pagsunod sa sinasabi ng matatanda.**

⇒Palakihin ang bata sa pagsunod sa mga patakaran at maiging turuan din sila sa salita kung bakit hindi ito maaari.

**②Habang tumataas ang wika at kakayahan ng bata sa pag-iisip, tumataas din ang kanilang interes sa kalikasan at iba pang bagay.**

⇒Magbasa ng libro sa bata atbp., sama-sama na masiyahan sa pagbabasa. Magkaroon ng kamangha-mangha na karanasan gayon din sa kalikasan at magagandang bagay.

## Mataas na baitang ng elementarya (Grade 4, 5, 6)

Mayroon rin pala ako na magandang katangian!!



**①Umuusbong ang pisikal at pag-iisip ng bata, at nagsisimulang makita ang mga bagay at sarili nang may layunin.**

⇒Makinig ng mabuti sa sasabihin ng bata at makipag-usap ng maayos.At saka, kung nagka-problema ay, pag-usapan para maresolba ito.

**②Ang bawat indibidwal ay mayroon na malaking pagkakaiba sa pag-unlad at ang bata ay may posibilidad na ihahambing ang sarili sa kanilang kaibigan.**

⇒Upang matulungan ang bata na magkaroon ng kumpiyansa sa sarili, puriin ng tiyak kung saan nakitaan mo itong mahusay siya.Kausapin ang bata na natural na magkaiba sila ng kaibigan niya dahil mayroon na sariling katangian ang bawat isa at ito ay kabutihan ng bawat bata.

**③Bubuo ang bata ng sarili niyang partikular na grupo ng kaibigan at magsisimulang gumawa ng sarili nilang mga patakaran.**

⇒Maaari nilang unahin ang mga patakaran sa loob ng kanilang grupo at kumilos nang hindi pinag-iisipan ng mabuti ang desisiyon.Makining sa bata at gumawa ng patakaran para sa loob ng bahay na tanggap ng bawat isa.

## Junior high school

**①Ito ang panahon na magsisimula ang bata na mag-isip tungkol sa iba' t-ibang bagay at kung paano mamuhay ang sarili.**

⇒Mangyaring gabayan ang bata ng mayroong angkop na distansya. Huwag labis nang mahimasok sa halip ay, obserbahan ng maiigi ang bata araw-araw at saman-talahing kausapin ito kapag mayroong tamang pagkakataon.

Sa hinaharap ako ay··· Ano kaya ako na klaseng tao paglaki?



**②Matutuklasan ng bata ang matinding samahan ng relasyon sa kaibigan. Ito rin ang panahon na mararanasan ng magulang ang pagre-relbelde ng bata.**

⇒Marapat na iparamdam sa bata na interesado ang magulang kahit hindi tumu-tugon ang mga bata.Buksan ang isipan na "Matatapos din ang pagrere-belde balang araw" at subukan na huwag matuwa o malungkot sa ugali ng bata.

**③Bagaman ang bata ay lubos na mulat sa pagsusuri ng kanilang kaibigan at ka-edad, sila rin ay posibleng mag-atubiling makipag-ugnayan sa iba.**

⇒Ibahagi ng magulang ang paraan ng pamumuhay bilang nakakatanda at maraming karanasan sa buhay. Makilahok o magboluntaryo kasama ang bata sa mga kagana-pan sa distrito. Iba' t-ibang kaalaman at karanasan ay siyang pagmumulan ng kalakasan upang mabuhay sa lipunan.



# 2 Mga pangunahing gawi sa pamumuhay





### Matulog at gumising ng maaga・Kumain ng agahan kasama ang pamilya

Ang paggising at pagtulog ng maaga at pagkain ng almusal sa umaga ay, makakatulong sa pagkaka-roon ng magandang gawi sa pamumuhay at maaayos na pamumuhay ng bata sa paaralan. Magan-dang magkaroon ng kaalaman sa tatlong pangkat ng pagkain (pula, dilaw at berde) upang makakuha ng balanseng nutrisyon.
At saka, kapag masayang kumakain kasama ang buong pamilya, mabubusog ang puso ng bawa' t isa. Mangyaring turuan din ang bata ng magandang asal sa hapag-kainan upang matuwa ito habang kumakain.

### Maayos na pagbati at pagtugon

Tumingin sa mukha at batiin ng "Magandang umaga" o "Good night" ang isa' t-isa.
Ang pagpapalitan ng pagbati ay magpapa-unlad ng pagpapahalaga at paggalang sa isa't-isa.
Palakihin ang bata na marunong tumugon ng "Opo" na maayos kapag tinawag ito.
Ang pagtugon ay, nangangahulugang nagpapahayag ng "Nandito po ako" at pinapahalagahan ang sariling pangalan.

### Sumunod sa mga alintuntunin



Matututunan ng bata sa loob ng bahay at paaralan ang kahalagahan ng pagsunod sa mga alintuntunin.
Ang mga tuntunin sa loob ng bahay ay kaugnay sa pangaraw-araw na pamumuhay (katulad ng pagbati, oras ng pagtulog at oras sa laro ng computer/online games atbp.) at sa asal (huwag gumawa ng gulo at mga bagay na hindi gusto ng ibang tao, atbp.).
Pag-usapan at magpasya ng mga alituntunin sa loob ng tahanan at, dapat sundin ito ng bata gayun-din ang mga magulang. Ang pagturo ng "Huwag dapat gawin ang mga bawal" sa bata ay, makakat-ulong sa kanila sa pakikihalubilo sa loob ng isang komunidad.

### Mag-ingat sa paggamit ng telebisyon, online games at iba pang may kaugnay sa medya

Kapag mas matagal ang oras sa paggamit ng medya katulad ng telebisyon atbp., mapapaikli ang oras ng tulog, pag-aaral, bonding kasama ang pamilya at iba pa.
At ang pamumuhay din ng bata ay magiging iregular, mababawasan ang motibasyon sa pagaaral,
magiging agresibo o madaling mairita.
Ayusin ang karaniwang pamumuhay, at upang magkaroon ng mahimbing na tulog ay, iwasan manood ng telebisyon o magla-ro 30 minuto bago matulog.

> **Mga panukala tungkol sa isyu ng "Ang bata at medya"**
> 1)Iwasan manood ng telebisyon o bidyo hanggang mag 2 taon ang bata.
> 2)Huwag manood ng telebisyon o bidyo habang nagpapa-dede o kumakain.
> 3)Ipanapalagay na ang paggamit ng medya ay hanggang 2 oras sa isang araw at video games naman ay, 30 minuto sa isang araw.
> 4)Hangga' t maaari ay huwag maglagay ng telebisyon, bidyo, kompyuter sa kwarto ng bata.
> 5)Mangyaring gumawa ng alintuntunin ang magulang at bata para sa maayos na paggamit ng medya.
>
> Public Interest Incorporated Associations
> Japan Pediatric Association and Media Committee

### Ang paggamit ng internet ay iaangkop sa edad o paglaki ng bata.

Pederasyon ng PTA sa lungsod ng Kani — Binago noong 2018

**Mga Alintuntunin sa Loob ng Bahay Ukol sa mga Devices na Nakakonekta sa Internet**

~Pag-isipan at Sundin ng mga Magulang at Bata ang mga Alintuntunin ng Pamilya~



1. Huwag gamitin habang kumakain.
2. Tuparin ang kasunduan sa lokasyon at oras ng paggamit ng mga devices na nakakabit sa internet.
3. Huwag gamitin ang smartphone sa mga lugar kung saan maaari itong maka-istorbo sa iba o huwag gawin ang "Nagara smartphone" =gagamit ng smartphone habang may ginagawa tulad ng naglalakad, nag-bibike atbp.
4. Mag-lagay ng "Web Filtering" upang hindi mapunta sa mapanganib na website.
5. Huwag i-access ang SNS o email na hindi pamilyar. Gayun din, kapag ang bata ay makatanggap ng kahina-hinalang email (email mula sa hindi alam kung sino ang nagpadala o taong hindi kilala), mangyaring sabihin ito agad sa magulang.
6. Huwag dalhin sa paaralan.
7. Huwag gumawa ng anumang bagay na makakasakit sa iba, tulad ng pagsusulat ng masasama tungkol sa kaibigan at iba pang tao sa blog, profile o email.
8. Huwag ipamahagi ang sarili o pangalan ng kaibigan, tirahan, numero ng telepono at iba pang impormasyon sa mga bulletin board.
9. Kung ang bata ay mayroong anumang problema o alalahanin tulad ng pambu-bully sa SNS o email, mangyaring kumonsulta kaagad sa magulang o guro.

Dumarami na ang pambu-bully at krimen gamit ang internet.
Ito ay patnubay na dapat matutunan ng magulang ang mga panganib sa paggamit ng devices na makakuha ng impormasyon at komunikasyon. Ang mga magulang din ay mayroong responsibilidad ukol dito, at ang bata ay ipinagbabawal na dalhin ang device sa paaralan at iba pa. Mangyaring gumawa ng alintuntunin ang bawat pamilya batay nito.

# 3 Komunikasyon ng magulang at bata

## Masayang pakikipagusap sa pamilya



Bigyan ng importansya ang masasayang oras sa pakikipag komyunikasyon sa pamilya. Mararamdaman ng bata na "minamahal" ito kung pinapahalagahan ang komunikasyon nang nakatingin sa mata at nanggaling sa puso.
Magkaroon ng oras at lugar na makapag-usap ang pamilya. Pag-usapan ang pangyayari sa paaralan. Lalalim ang relasyon ng magulang at bata sa pamamagitan ng pakikiramay at maging malapit sa kanilang damdamin tulad ng pag-sabi ng "masaya iyon!" o "nakakalungkot naman".

## Pagbuo ng pisikal na lakas sa paglalaro sa labas kasama ang pamilya



Mag-laro sa labas kasama ang mga bata o makilahok sa lokal na kaganapan para sa pangkatawan. Ang paggalaw sa katawan ay, lilinangin ang limang (5) pandama at pisikal na lakas ng bata. Ito ay isang mahalagang elemento para sa paglaki ng isang bata. Ang pagsama-samang paglalaro ng pamilya at paggalaw ng katawan ay, maaaring maging isang paraan ito para sa komunikasyon ng magulang at bata.

## Magkaroon ng pagkakataong purihin dahil sa pag-tulong



Ang magulang ay nauuna sa paggawa na dapat gawin ng kanilang mga anak at karaniwan na nagbibigay ng tagubilin at pinagsasabihan sa mga nagawa nito.
Hayaang gumalaw ang bata na tumulong sa mga gawaing bahay upang lumaki ito na makakilos at maalagaan ang kanyang sarili. Madadagdagan ang "tiwala sa sarili" ng bata dahil maipagmalaki niya ang sarili bilang miyembro ng pamilya kapag hikayatin ito na matapos ang ginagawa o kaya ay pupurihin sa mga salita tulad ng "salamat".

## Magbasa ng sampong (10) libro sa bahay "Uchi-doku ten (10)" Pag-usapan ang tungkol sa libro sa pamilya!

Mula sa "Plano ng Pagtataguyod sa Pagbabasa ng libro sa mga Bata sa Kani City Ika-4"

Programang "Uchi-doku ten" ay itinataguyod ng lungsod ng Kani upang hikayatin ang pagbabasa sa tahanan sa paraan na magbasa ang pamilya ng parehong libro at magkaroon ng kwentuhan tungkol dito. Mapapalalim ang komunikasyon sa pamilya dahil sa pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa libro o konsultasyon kung anong klaseng libro ang babasahin. Ang pagbabasa ng libro ng magulang sa bata ay, magiging isang napakasayang panahon na makakapagbibigay suporta sa inyong anak kahit na siya ay lumaki. Isang magandang regalo para sa mga bata ang makapagtagpo sa magagandang libro.

### Subukan nating magpasiya ng sampong (10) layunin

*Magbasa ng libro 10 minuto pataas araw-araw kasama ang pamliya!
*Magbasa ng 10 libro pataas sa isang buwan kasama ang pamilya!
*Magbasa ng 10 libro pataas bawat isa sa isang taon!



## Purihin o Pagalitan ng Mayroong Pagmamahal

### Mga paraan kapag magpupuri



- Tumingin sa mga mata at purihin mula sa kaibuturan ng puso
- Purihin ng tiyak sa katotohanan.
- Hindi lamang sa pinaghirapan, purihin din sa mga bagay na pinagsikapan.
- Purihin din ang ordinaryong bagay na palaging ginagawa.

※Sinasabi ng ibang tao na "Magiging mayabang lang yan pag pinupuri" ngunit ang pagpupuri ay isang paraan upang magbukas ang kanilang puso at bumubuo ng pagtitiwala sa loob ng relasyon.

### Mga paraan kapag papagalitan



- Pakinggan ng maigi ang saloobin ng bata at pagalitan ito.
- Tanggihan ang masasamang gawain, hindi ang pagkatao.

✕ "Wala kang kwenta." ○ "Mali ang iyong □□ (kilos na nagawa)."

- Itanong sa bata na "Ano sa palagay mo ang dapat gawin?". Ito ang pagkakataon na mapapaisip ang bata ng kanyang sariling isipan at kung ano ang mga nagawa nito.

※Huwag magpadala sa emosyon na aabot sa papagalitan ang bata na may kasamang karahasan. Maaaring hindi maintindihan ng bata kung bakit siya pinapagalitan, at ang relasyon at tiwala ay masisira.

### Palakihin ang bata ng hindi namamalo atbp.!

Nagbago ang Child Abuse Prevention Act mula noong 2020 ng Abril at ito ay, ang pagbabawal ng pamamalo sa mga bata. Mayroong iba't-ibang negatibong epekto sa pisikal at mental ng bata sa paglaki at pag-unlad nito kapag paulit-ulit na pinapalo. Kausapin ng maayos sa paraan na maintindihan ng bata, ipaintindi gamit ang salita o ipakita ang tamang halimbawa sa bata kung ano ang dapat gawin at iba pa.
(Epektibo sa Abril 2020)

(Pinagmulan: Ministry of Health, Labor and Welfare "Para sa pagpapalaki ng bata nang walang pamamalo- Paglikha ng isang lipunan kung saan sinusuportahan ang lahat sa pagpapalaki ng bata")

### Ginagawa mo ba ito?

☐ Kahit ilang beses na pinagsasabihan, hindi pa rin makikinig kaya nasampal sa pisngi.
☐ Nagloloko kaya pina-luhod ng matagal na oras.
☐ Hindi gumawa ng takdang-aralin kaya hindi binigyan ng hapunan.

➡ **Ito lahat ay Corporal Punishment**

※Hindi naaangkop ang pangyayari na ang bata ay gustong tumakbo sa labas ng kalye ngunit hinahawakan ang kamay ng bata ng mahigpit upang protektahan ito at iba pa.

**Kung ang magulang ay masayahin, ang bata ay magiging masayahin din.**

**Kung ang magulang ay sumusunod sa mga patakaran, ang bata ay susunod din sa mga patakaran.**

**Kung ang magulang ay may ugali na gustong matuto, ang bata ay matututo rin.**

**Kung ang magulang ay klase ng tao na hindi nakakalimutan magpasalamat, ang bata rin ay magiging klase ng tao na mapagpasalamat.**



# 4 Pagmamalasakit

## Mayroon lamang iisang buhay ang bawat tao sa mundo!

Kahit gaano man ito kaliit ay mayroong buhay ang bawat bagay. Ipaabot sa bata ang kahalagahan ng buhay, na hindi lamang ito ay karaniwan, ngunit ang lahat ng buhay ay hindi mapapalitan. Sabihin din na suportado siya ng walang hanggang na pagmamahal mula sa paligid niya at ang kasalukuyan na buhay ay konektado mula sa nakaraan.

Sa pang araw-araw na pamumuhay ay, maaaring maranasan ang kahalagahan ng buhay sa pamamagitan ng pag-tingin, pag-hawak, pagpapalaki atbp., ng mga hayop o halaman, at mahalagang pagusapan ang kaligayahan ng pagsilang ng bagong buhay at kalungkutan ng kamatayan.





## Hindi kailanman kukunsintihin ang pambu-bully o diskriminasyon!

Ang pambu-bully ay isang kasuklam-suklam na gawain na tinatarget ang mga mahihina o naiiba. Itong gawain na ito ay hindi mapapatawad bilang isang tao. **Ang paghikayat, pananakot o pagtayo at tumitingin lamang sa tabi ay itinuturing din na pambu-bully.**

Mahalaga na ipakita ng madalas ng magulang sa bata na walang kinikilingan na tao, at ang pambubully ay hindi mapapatawad na aksyon, maging mahahalahanin at huwag mangbu-bully o magdiskrimina.

## "Ordinansa sa Pag-pigil sa bata sa bullying sa lungsod ng Kani"

Ang layunin ay gumawa ng isang kapaligiran kung saan ang mga bata ay maaaring matuto at mamuhay nang mapayapa sa pamamagitan ng pagtutulungan na maiwasan ang pambu-bully at alamin ang mga responsibilidad bilang lungsod, paaralan, magulang, mamamayan, mga namamahala o kaugnay na mga organisasyon.

（平成２４年１０月３日施行）

### ◆Ordinansa sa Pag-pigil sa bata sa bullying sa lungsod ng Kani◆

(Responsibilidad ng magulang)【Artikulo 6】

Ang magulang ay dapat alamin ng tama ang tungkol sa bullying at ipaliwanag sa bata na ang pambu-bully ay hindi katanggap-tanggap na gawain, at magsumikap na ipaintindi ng lubos ang mga ito sa kanila.

(Pagtatayo ng Komite ng Espesyalista sa Pag-pigil sa bullying)【Artikulo 12】

Ang lungsod ay magtatayo ng Komite ng Espesyalista sa Pag-pigil sa bullying upang magsagawa ng pagsisiyasat mula sa pananaw ng eksperto at iba pang pasisiyasat tungkol sa bullying na naiulat o na-konsulta.

Kung nakapansin ng pambu-bully, huwag harapin ito nang mag-isa at mahalagang magtulungan na malagpasan ito. Kumonsulta kaagad sa kindergarten, paaralan, taong malapit sa inyo o organisasyong nagbibigay payo sa usapin na ito.

**Konsultasyon sa Espesyalista sa Pag-pigil sa bullying sa lungsod ng Kani**
(Ijime Bōshi Senmon Iinkai Sōdan-shitsu)

Free dial **0120-263-115**
Lunes～Biyernes(Sarado kapag holidays)
8:30 AM ～ 5:00 PM
(Kani City Family Life Plaza MANO Child-rearing Support Division)





# 5 Maging Aktibo sa Komunidad

## Makilahok sa mga Home Education class (Katei-kyoiku-gakkyu)

Upang maiwasan ang "Pagpapalaki ng bata" na maging "Mapag-isang Pagpapalaki ng bata" ay, makilahok sa mga Home Education class ng district centers, nursery/kindergarten school o paaralan.

Sa Home Education class ay, nagtitipon ang mga magulang ng may parehong edad na bata sa parehong komunidad at masayang nakikipag-ugnayan at natututo tungkol sa pagpapalaki ng bata.

### Ano ang Home Education class?

Magpaplano at namamahala ang mga magulang kung sa ano ang gusto ng kapwang magulang na matutunan o gawin.

Sumusuporta ang mga district centers, nursery/kindergarten schools, paaralan at ang lungsod sa mga aktibidad.


| Batang maliliit | Mga batang pumapasok sa Nursery/ Kindergarten school | Mga batang nag-aaral sa Elementary school | Mga batang nag-aaral sa Junior high school |
|---|---|---|---|
| ↓ | ↓ | ↓ | ↓ |
| District centers (Shimoedo/Katabira/ Sakuragaoka/Hiromi/ Kawai) | Nursery/ Kindergarten school na kung saan sila pumapasok | Elementary school na kung saan sila pumapasok | Junior high school na kung saan sila pumapasok |

Itutugma ayon sa yugto ng paglaki

| Lugar kung saan matutunan ang "Pag-aalaga sa bata" at "Pag-didisiplina" | Lugar kung saan maibahagi ang mga alalahanin | Lugar kung saan magbalik-tanaw sa sarili |
|---|---|---|
| Maaaring matuklasan ang mga bagay na masasabi mo na "Dapat ginawa ko ito noon." | Gagaan ang pakiramdan at mapapaisip na "Hindi lang pala ako ang nag-alalala ng ganoon na bagay." | Layunin na suriin ang mga kakayanan ng iyong bata at iyong sariling mga lakas. |








Para sa mayroong katanungan,
mangyaring makipag-ugnayan sa Child-rearing Support Division ng lungsod

## Ang Magulang at Bata ay Maging Aktibo sa Komunidad



Ang mga karanasan sa komunidad ay mahahalagang bagay na hindi maaaring magawa sa mga kindergarten, paaralan o sa bahay. Mapapa-unlad ang pakikisalamuha at kakayahan sa pakikipag-ugnayan sa iba dahil sa mga karanasan sa pagitan ng mga bata sa parehong edad, bata at matanda, mga matanda sa parehong edad, at pagitan sa parehas na edad o magka-iba na edad.

Ang mga nakabahaging karanasan ay nagdaragdag ng mga pagkakataon para makapag-usap ang magulang at bata. At saka, nagiging ehemplo ang magulang sa bata dahil nakikita nila ang pagiging aktibo ng magulang sa komunidad.

Tayo ay lumahok sa mga kaganapan ng ating komunidad katulad ng festival, sports day, radio calisthenics, pagtatanim ng bulaklak o di kaya' t pagpupulong ng magulang at guro / PTA meeting, pagpupulong ng bata at iba pa.